

2026

Buod ng Mga Benepisyo

Central Health Medi-Medi Plan II
(HMO DSNP)

California H5649-009-000

Nagseserbisyo sa: Ventura County

May bisa mula Enero 1 hanggang Disyembre 31, 2026

Introduksyon sa Buod ng Mga Benepisyo

Central Health Medi-Medi Plan II

Salamat sa pagkonsidera sa Molina Healthcare! Nararapat sa lahat ang kalidad na pangangalaga. Mula noong 1980, nagawang manalig ng mga miyembro namin sa Molina. Dahil ngayon, gaya ng palagian, inuuna namin ang mga pangangailangan mo.

Hindi kabilang sa dokumentong ito ang bawat benepisyo at serbisyo na sinasaklaw namin o bawat limitasyon o pagbubukod. Para makakuha ng kompletong listahan ng mga serbisyo, mangyaring sumangguni sa Ebidensya ng Saklaw (EOC). Matatagpuan ang kopya ng EOC sa website namin sa MolinaHealthcare.com/Medicare. Maaari ka ring tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa (866) 314-2427, TTY 711 at magpapadala kami ng kopya sa koreo.

Para makasali sa plano, dapat kwalipikado ka sa Medicare Part A, nakatala sa Medicare Part B at Medicaid ayon sa California Department of Health Care Services, at nakatira sa lugar ng serbisyo namin. Kabilang sa lugar ng serbisyo namin ang mga sumusunod na county sa California: Ventura County.

Mayroong network ng mga doktor, ospital, parmasya, at iba pang provider ang Molina. Maliban sa mga emergency na sitwasyon, kung gagamit ka ng mga provider na wala sa network namin, maaaring hindi kami magbayad para sa mga serbisyong iyon. Kung gusto mong ikumpara ang plano namin sa ibang mga planong pangkalusugan ng Medicare, manghingi sa ibang mga plano ng kanilang Buod ng Mga Benepisyo o gamitin ang Medicare Plan Finder sa medicare.gov.

Para sa pagsaklaw at mga gastos ng Original Medicare, tingnan ang kasalukuyang handbook mo na “Medicare at Ikaw”. Tingnan ito online sa medicare.gov o kumuha ng kopya sa pamamagitan ng pagtawag sa **1-800-MEDICARE (1-800-633-4227)**. Dapat tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa 1-877-486-2048. Kung mayroon kang anumang tanong, mangyaring tumawag sa aming pangkat ng Serbisyo para sa Miyembro sa **(866) 314-2427, TTY 711**, 7 araw sa isang linggo, 8 a.m. hanggang 8 p.m., lokal na oras.

Tungkol sa Medicare

Isang insurance ng kalusugan ang Medicare para sa mga taong 65 taong gulang o mas matanda, o wala pang 65 taong gulang na may ilang kapansanan.

Isang Federal Insurance Program ang Original Medicare. Binabayaran nito ang isang bayarin para sa pangangalaga mo nang direkta sa mga doktor at ospital na binibisita mo. Hindi sinasaklaw ng Original Medicare ang karamihang pang-iwas sa sakit na pangangalaga at mayroong mga hindi inaasahang gastusin na mula sa bulsa.



Sinasaklaw ng **Medicare Part A (Insurance ng Ospital)** ang pangangalaga sa inpatient sa mga ospital, mga pasilidad para sa bihasang pag-aalaga, pangangalagang hospisyo, at ilang serbisyo sa pangangalaga sa kalusugan sa bahay.



Sinasaklaw ng **Medicare Part B (Medikal na Insurance)** ang ilang serbisyo ng doktor, pangangalaga sa outpatient, mga medikal na supply at mga serbisyong pang-iwas sa sakit.




Isang lahatan sa isa ang **Medicare Part C (Medicare Advantage)** na alternatibo sa Original Medicare. Kabilang sa mga plano ng Medicare Advantage ang mga Bahagi A, B at karaniwan ang Bahagi D. Maaaring mayroong mas mababang mga gastos na mula sa bulsa ang ilang plano ng Medicare Advantage kaysa sa Original Medicare at maaaring saklawin ang ekstrang mga benepisyo na hindi sinasaklaw ng Original Medicare – gaya ng dental, paningin o pandinig. Binabayaran ng Medicare ang isang nakatakdang bayarin sa plano para sa pangangalaga mo, at pagkatapos ay direktang binabayaran ng plano ang mga doktor at ospital. Mayroong naaasahang mga gastusin na mula sa bulsa ang Medicare Advantage at nag-aalok ito ng pang-iwas sa sakit na pangangalaga at koordinasyon ng pangangalaga.



Tinutulungan ka ng **Medicare Part D (Pagsaklaw sa Inireresetang Gamot)** na magbayad para sa mga gamot na kinukuha mo mula sa parmasya.

Mga Kategoriya ng Pagsaklaw ng Dual na Pagiging Kwalipikado sa Medicaid

- **Kwalipikadong Plus na Benepisyaryo ng Medicare (QMB+):** Binabayaran ng Medicaid ang iyong mga premium sa Medicare Part A at Part B, ang halaga ng mga deductible, coinsurance, at copayment. Makakatanggap ka ng saklaw ng Medicaid para sa bahagi sa gastos ng Medicare at karapat-dapat ka para sa buong benepisyo ng Medicaid.
- **Tinukoy na Plus na Benepisyaryo ng Mababang Kita ng Medicare (SLMB+):** Binabayaran ng Medicaid ang premium ng Medicare Part B mo at naghahatid ito ng buong mga benepisyo ng Medicaid.
- **Full Benefit Dual Eligible (FBDE):** Sa ilang pagkakataon, maaaring kwalipikado ang mga indibidwal para sa parehong limitadong pagsaklaw sa pagbabahagi sa gastos ng Medicare pati na rin ang buong mga benepisyo ng Medicaid.

**Mga Pagbabago sa Pagiging Karapat-dapat:**

Mahalagang basahin at tumugon sa lahat ng koreo na nagmumula sa Seguridad Panlipunan o tanggapan ng Medicaid ng estado mo para maprotektahan mo ang katayuan na \$0 na pakikibahagi sa gastos mo bilang isang benepisyaryo ng buong benepisyo, na may dual na pagiging kwalipikado.

Paminsan-minsan, gaya ng iniatas ng CMS, susuriin namin ang katayuan ng pagiging karapat-dapat mo sa Medicaid pati na rin ang kategorya ng dual na pagiging kwalipikado mo. Kung mawawala nang buo ang pagsaklaw ng Medicaid, mabibigyan ka ng palugit para maaari kang mag-apply muli para sa Medicaid.

Kung hindi ka na kwalipikado bilang isang benepisyaryo ng buong benepisyo, na doble ang pagiging kwalipikado, maaari kang hindi boluntaryong maalís sa pagkakatala sa Plano pagkatapos ng palugit. Magpapadala sa iyo ang ahensya ng Medicaid ng estado mo ng abiso ng pagkawala ng Medicaid o pagbabago sa kategorya ng Medicaid mo. Maaari din kaming makipag-ugnayan sa iyo para paalalahanan ka na mag-apply muli para sa Medicaid bilang isang benepisyaryo ng buong benepisyo, na may dual na pagiging kwalipikado. Dahil dito mahalagang ipaalam sa amin sa tuwing nagbabago ang address sa koreo mo at/o numero ng telepono.

Buod ng Mga Premium at Benepisyo

Central Health Medi-Medi Plan II

Buwanang Premium	\$0 kada buwan
	Kung makakakuha ka ng Karagdagang Tulong (“Extra Help”) mula sa Medicare, magiging mas mababa ang buwanang premium ng plano mo o baka wala kang babayaran.
Medikal na Deductible	Magbabayad ka ng \$0 medical deductible bawat taon.
	
Pinakamataas na Responsibilidad Mula sa Balsa	\$9,250 bawat taon para sa mga serbisyo na natanggap mo mula sa mga provider na nasa network. (hindi kabilang ang mga inireresetang gamot)
	

Central Health Medi-Medi Plan II

Ospital para sa Inpatient



Magbabayad ka ng \$0 para sa mga araw 1 - 90 ng pananatili sa ospital bawat panahon ng benepisyo.

Sinasaklaw rin ng aming plan ang 60 na “mga araw ng pananatili sa ospital.” Ito ay mga “dagdag” na araw na sinasaklaw namin. Kung mas mahaba sa 90 araw ang pananatili mo sa ospital bawat panahon ng benepisyo, maaari mong gamitin ang mga karagdagang araw na ito. Ngunit sa sandaling maubos mo ang karagdagang 60 araw na ito, malilimitahan ang iyong pagsaklaw sa ospital para sa inpatient sa 90 araw bawat panahon ng benepisyo.

Maaaring kailanganin ang paunang awtorisasyon.

Outpatient sa Ospital



\$0 na copay bawat pagbisita

Maaaring kailanganin ang paunang awtorisasyon.

Sentro ng Ambulatoryong Pag-opera



\$0 na copay bawat pagbisita

Maaaring kailanganin ang paunang awtorisasyon.

Mga Pagbisita sa Doktor



Pangunahing Pangangalaga

\$0 bawat pagbisita

Mga Espesyalista

\$0 bawat pagbisita

Pang-iwas na Pangangalaga



\$0 copay

Tingnan ang mga hilera na may apple sa Kabanata 4 ng Talaan ng mga benepisyong medikal sa Ebidensya ng Saklaw. Masasaklaw ang anumang karagdagang serbisyong pang-iwas na naaprubahan ng Medicare sa taon ng plano.

Buod ng Mga Premium at Benepisyo (Ipinagpatuloy)

Central Health Medi-Medi Plan II

Pang-emergency na Pangangalaga \$0 copay



Mga Serbisyon Agang Kinakailangan \$0 copay



Mga Serbisyo ng Pag-diagnose/Mga Lab/Pagpapakita ng Imahe



Mga Serbisyo ng Pag-diagnose/Mga Lab/Pagpapakita ng Imahe
\$0 copay

Mga serbisyo sa lab
\$0 copay

Mga serbisyo ng pag-diagnose sa radiology (gaya ng scan ng MRI, CT)
\$0 copay

X - ray ng Outpatient
\$0 copay

Terapeutika radiology
\$0 copay

Maaaring kailanganin ang Paunang Awtorisasyon para sa ilang mga serbisyo.

Walang awtorisasyon ang kailangan para sa mga serbisyo sa laboratoryo ng outpatient at serbisyo ng x-ray para sa outpatient. Nangangailangan ng paunang awtorisasyon ang genetic na pagsusuri sa laboratoryo.

May Mga Tanong? Mangyaring tumawag sa Central Health Plan sa (866) 314-2427, TTY: 711.

Central Health Medi-Medi Plan II

Mga Serbisyo sa Pandinig



Saklaw ng Medicare na diagnostic na pagsusuri sa pandinig at balanse

\$0 copay, 1 bawat taon

Regular na pagsusuri sa pandinig

\$0 copay, 1 bawat taon

Pagsukat ng hearing aid/pagsusuri

\$0 copay, 1 bawat taon

Mga pantulong sa pandinig

\$0 copay

Sinasaklaw ng aming plano ang hanggang sa 2 paunang piniling mga hearing aid mula sa provider na aprubado ng plano bawat 2 taon.

Mga Serbisyo para sa Ngipin



Mga serbisyo para sa ngipin na saklaw ng Medicare

\$0 copay

Buod ng Mga Premium at Benepisyo (Ipinagpatuloy)

Central Health Medi-Medi Plan II

Mga Serbisyo sa Paningin



Mga serbisyo sa paningin na saklaw ng Medicare

- Eksaminasyon sa paningin para ma-diagnose/gamutin ang mga karamdaman ng mata (kabilang ang taunang pag-screen ng glaucoma): \$0 copay
- Mga salamin sa mata o contact lens pagkatapos ng pag-opera ng katarata: \$0 copay

Nakipagsosyo kami sa isang Vision Vendor para mabigyan ka ng higit na halaga para sa mga rutinang pangangailangan sa paningin mo!

Kabilang sa mga saklaw na serbisyo ng Supplemental Vision ang, ngunit hindi limitado sa:

Kabilang sa pagsaklaw ang:

- Isang regular na pagsusuri sa mata bawat taon ng kalendaryo
- Allowance para sa eyewear

Maaari mong gamitin ang \$300 na allowance para sa eyewear para makabili ng:

- Mga contact lens*
- Mga salamin sa mata (mga lente at frame)
- Mga lente ng salamin sa mata at/o mga frame
- Mga upgrade (gaya ng, tinted, U-V, polarized o photochromatic na mga lente).

*Kung pipiliin mo ang mga contact lens, ang iyong allowance para sa eyewear ay maaari ding gamitin upang bayaran ang lahat o bahagi ng iyong bayarin sa pagsukat ng contact lens.

Responsibilidad mong magbayad para sa anumang pang-corrective na eyewear na lampas sa limitasyon ng plano sa allowance para sa eyewear.

\$0 copay para sa hanggang 1 regular na pagsusuri sa mata (at refraction) para sa mga salamin sa mata bawat taon ng kalendaryo.

May Mga Tanong? Mangyaring tumawag sa Central Health Plan sa (866) 314-2427, TTY: 711.

Central Health Medi-Medi Plan II

Mga Serbisyo sa Kalusugan ng Pag-iisip



Inpatient na pagbisita

Magbabayad ka ng \$0 para sa mga araw 1 - 90 ng pananatili sa ospital para sa inpatient.

Mayroong 190 araw na limitasyon sa buong buhay para sa pangangalaga inpatient sa psychiatric na ospital. Ang limitasyon sa pangangalaga sa ospital para sa inpatient ay hindi nalalapad sa mga serbisyong pangkaisipan para sa inpatient na ibinibigay sa isang pangkalahatang ospital.

Sinasaklaw rin ng aming plan ang 60 na “mga araw ng pananatili sa ospital.” Ito ay mga “dagdag” na araw na sinasaklaw namin. Kung mas matagal sa 90 araw ang iyong pananatili sa ospital, maaari mong gamitin ang mga karagdagang araw na ito. Ngunit kapag nagamit mo na ang mga karagdagang 60 araw na ito, malilimitahan ang iyong saklaw sa ospital para sa inpatient sa 90 araw.

Maaaring kailanganin ang paunang awtorisasyon.

Pagbisita ng indibidwal/grupong therapy ng outpatient

\$0 copay

Pasilidad para sa Bihasang Pag-aalaga



Magbabayad ka ng \$0 para sa mga araw 1-100 ng pananatili sa isang pasilidad para sa bihasang pag-aalaga.

Hindi kakailanganin ang paunang pagpapaospital.

Maaaring kailanganin ang paunang awtorisasyon.

Physical Therapy



Pisikal na therapy at speech therapy

\$0 copay

Maaaring mangailangan ng paunang awtorisasyon.

Rehabilitasyon ng puso at baga

\$0 copay

Maaaring mangailangan ng paunang awtorisasyon.

Mga serbisyo ng occupational therapy

\$0 copay

Maaaring mangailangan ng paunang awtorisasyon.

Buod ng Mga Premium at Benepisyo (Ipinagpatuloy)

Central Health Medi-Medi Plan II

Ambulansya	\$0 copay
	<i>Kailangan lamang ang paunang awtorisasyon para sa hindi pang-emergency na ambulansya.</i>
Transportasyon	\$0 copay
	48 na biyaheng one-way bawat taon sa mga lokasyong inaprubahan ng plano <i>Maaaring kailanganin ang paunang awtorisasyon.</i>

Mga Gamot sa Medicare Part B

Mga Gamot ng Chemotherapy/ Radiation at iba pang Gamot ng Bahgi B	Depende sa iyong antas na saklaw ng Medicaid, magbabayad ka ng \$0 copay o 20% ng gastos. <i>Maaaring kailanganin ang paunang awtorisasyon.</i> <i>Maaaring kailangan ang Step therapy para sa ilang partikular na gamot.</i>
--	---

Buod ng Pagsaklaw ng Gamot

Karaniwang Retail na Parmasya at Mail-Order na Parmasya

Depende sa kita mo at katayuan sa institusyon, magbabayad ka sa sumusunod:

Para sa mga generic na gamot (kabilang ang mga branded na gamot na itinuturing bilang generic):

- \$0 copay; \$1.60 copay; \$4.00 copay; \$5.10 copay

Para sa lahat ng iba pang gamot:

- \$0 copay; \$4.90 copay; \$12.65 copay

Maaaring mag-iba-iba ang mga copay para sa mga gamot batay sa antas ng Karagdagang Tulong (“Extra Help”) na natatanggap mo. Makipag-ugnayan sa plano para sa karagdagang detalye.

Mga Yugto ng Pagsaklaw

Yugto 1: Deductible

Ang deductible ay \$250. Sa panahon ng yugtong ito, magbabayad ka ng \$0 na pagbabahagi sa gastos para sa mga gamot sa Tier 1 at Tier 6, at ang naaangkop na gastos ng mga gamot sa Tier 2, Tier 3, Tier 4 at Tier 5 hanggang sa maabot mo ang taunang deductible.

Yugto 2: Panimulang Pagsaklaw

Magsisimula ka sa yugtong ito kapag pinunan mo ang unang reseta mo sa taon. Sa panahon ng yugtong ito, babayaran ng plano ang hati nito sa gastos ng mga gamot mo, at babayaran mo ang hati mo sa gastos. Mananatili ka sa yugtong ito hanggang umabot sa kabuuang \$2,100 ang taunang sariling gastos na mula sa bulsa.

Kung nakatira ka sa isang pasilidad ng pangmatagalang pangangalaga, magbabayad ka ng pareho gaya ng sa retail na parmasya. Maaari kang makakuha ng mga gamot mula sa parmasyang wala sa network sa parehong gastos gaya ng sa parmasyang nasa network.

Yugto 3: Catastrophic na Pagsaklaw

Pagkatapos umabot sa \$2,100 ang iyong taunang sariling mga gastos sa gamot na mula sa bulsa (kabilang ang mga gamot na nabili sa pamamagitan ng retail na parmasya mo at/o sa pamamagitan ng padala sa koreo), babayaran ng plano ang lahat ng gastos ng mga gamot mo.

May Mga Tanong? Mangyaring tumawag sa Central Health Plan sa (866) 314-2427, TTY: 711.

Buod ng Ibang Mga Benepisyo

Central Health Medi-Medi Plan II

Acupuncture



Acupuncture na Saklaw ng Medicare

\$0 copay

Saklaw ang hanggang sa 12 pagbisita sa loob ng 90 araw para sa nagtatagal na pangingirot ng sasapnan. Saklaw ang hanggang sa walong karagdagang sesyon sa parehong taon para sa mga pasyenteng nagpapakita ng pagbuti.

Rutinang Acupuncture

\$0 copay

Sinasaklaw ng aming Plano ang walang limitasyong rutinang (karagdagan) acupuncture na paggamot bawat taon.

Mga Karagdagang Serbisyo ng Telehealth



Magbabayad ka ng \$0 copay para isa ilang partikular na serbisyo ng telehealth kabilang ang:

- Mga Serbisyo sa Rehabilitasyon ng Puso
- Kabilang ang Mga Serbisyo ng Doktor sa Pangunahing Pangangalaga
- Mga serbisyo na chiropractic
- Mga Serbisyo sa Occupational na Therapy
- Mga Serbisyo sa Espesyalidad ng Doktor
- Mga Indibidwal na Sesyon para sa Mga Serbisyo ng Espesyalidad sa Kalusugan ng Pag-iisip
- Mga Pang-grupong sesyon para sa Mga Serbisyo ng Espesyalidad sa Kalusugan ng Pag-iisip
- Mga serbisyo sa Podiatry
- Iba Pang Propesyonal sa Pangangalaga ng Kalusugan
- Mga Indibidwal na Sesyon para sa Mga Serbisyo sa Psychiatry
- Mga Pang-grupong Sesyon para sa Mga Serbisyo sa Psychiatry
- Mga Serbisyo ng Pisikal na Therapy at Speech-Language Pathology
- Mga Serbisyo sa Programa ng Paggamot ng Opioid
- Mga Indibidwal na Sesyon para sa Pag-aabuso sa Ipinagbabawal na Substance ng Outpatient
- Mga Pang-grupong Sesyon para sa Pag-aabuso sa Ipinagbabawal na Substance ng Outpatient

Taunang Pisikal na Eksaminasyon

\$0 copay



May Mga Tanong? Mangyaring tumawag sa Central Health Plan sa (866) 314-2427, TTY: 711.

Central Health Medi-Medi Plan II

Pangangalaga na Chiropractic



Mga Serbisyo ng Chiropractic na Saklaw ng Medicare

\$0 copay

Pagmamaniupala ng gulugod para iwasto ang subluxation (kapag nawala sa posisyon ang isa o higit pa sa mga buto ng gulugod mo).

Dialysis



\$0 copay

Benepisyo sa Fitness



\$0 copay

Nag-aalok ang Silver&Fit sa mga Miyembro ng pag-access sa mga kinontratang pasilidad ng fitness at Pantahanang Kit ng Fitness para sa mga Miyembro na mas gustong mag-ehersisyo sa bahay o habang bumibiyah.

Pangangalaga sa Paa (Podiatry)



Eksaminasyon at Paggamot sa Paa na Saklaw ng Medicare

\$0 copay

Mga eksaminasyon at paggamot sa paa kung mayroon kang pinsala sa nerbiyo na nauugnay sa diabetes at/o nakakatugon sa ilang kalagayan.

Maaaring kailanganin ang paunang awtorisasyon.

Edukasyong Pangkalusugan



\$0 copay

Mga programang tutulong sa iyo na matutunang pamahalaan ang mga kondisyon ng kalusugan mo, kabilang ang edukasyong pangkalusugan, mga materyales sa pag-aaral, payo sa kalusugan, at mga tip sa pangangalaga.

Pangangalaga sa Kalusugan sa Tahanan



\$0 copay

Maaaring kailanganin ang paunang awtorisasyon.

Buod ng Ibang Mga Benepisyo (Ipinagpatuloy)

Central Health Medi-Medi Plan II

Benepisyo sa Mga Pagkain



\$0 copay

Ibibigay kaagad ang mga pagkain pagkatapos ng bawat operasyon o pagkaospital bilang pasyente, o para sa diagnosis ng COVID o quarantine sa bahay dahil sa pagkakalantad sa COVID na nangangailangan sa iyong manatili sa bahay sa isang yugto ng panahon. Magbabayad ka ng \$0 copayment para sa 2 pagkain sa isang araw sa loob ng 14 na araw. Ang benepisyong ito ay maaaring gamitin hanggang 4 beses bawat taon (kabuuang 112 na pagkain).

Maaaring kailanganin ang paunang awtorisasyon.

Kagamitang Medikal at Mga Supply



Matibay na Kagamitang Medikal (tulad ng mga wheelchair, oxygen)

\$0 copay

Mga Prosthetics/Medikal na Kagamitan

\$0 copay

Mga Supply at Serbisyo Sa Diabetes

\$0 copay

Maaaring kailanganin ang paunang awtorisasyon para sa Matibay na Kagamitang Medikal, Mga Medikal na Prosthetic/supply, at mga supply ng may Diabetes.

Kailangan ang paunang awtorisasyon para sa mga sapatos at insert ng may diabetes.

Hindi kailangan ang paunang awtorisasyon para sa ginustong tagamanupaktura.

24 na Oras na Linya sa Pagpapayo ng Nars



\$0 copay

Available 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.

May Mga Tanong? Mangyaring tumawag sa Central Health Plan sa (866) 314-2427, TTY: 711.

Central Health Medi-Medi Plan II

Mga Serbisyo sa Programa ng Paggamot ng Opioid \$0 copay
Kailangan ang paunang awtorisasyon para sa gamot.



Mga Serbisyo sa Dugo ng Outpatient \$0 copay
Iniurong ang 3 pinta na deductible



Pag-abuso sa Sangkap ng Outpatient \$0 copay
Mga pagbisita para sa therapy ng indibidwal o grupo



Maaaring kailanganin ang paunang awtorisasyon.

Mga Item na Nabibili nang Walang Reseta \$0 copay
Makakatanggap ka ng pre-funded debit card (MyChoice card) na pinagsamang \$320 quarterly allowance para sa mga OTC na item.



Sinasaklaw at kasama ang mga OTC hearing aid sa pinagsamang allowance OTC allowance.

Mangyaring tingnan ang pre-funded debit card (MyChoice card) na seksyon para sa kompletong listahan ng benepisyo at mga serbisyo na kasama sa pinagsamang allowance.

Personal Emergency Response System (PERS) \$0 copay



Kapag awtorisado, magbibigay kami ng in-home na aparato para maabisuhan ang naaangkop na tauhan kung sakaling magkaroon ng emergency (hal., pagkahulog).

Kinakailangan ng pagsusuri ng Case Management.

Maaaring kailanganin ang paunang awtorisasyon.

Buod ng Ibang Mga Benepisyo (Ipinagpatuloy)

Central Health Medi-Medi Plan II

Pandaigdigang Emergency at Agarang Pangangalaga



\$0 copay

Saklaw ka para sa pandaigdigang mga serbisyong emergency at agarang pangangalaga hanggang \$10,000.

Pre-funded Debit Card (MyChoice Card)



\$0 copay

Makakatanggap ka ng \$320 buwanang allowance sa pre-funded debit card na maaaring magamit para sa mga piling karagdagang benepisyo ng plano tulad ng:

- Mga item na Nabibili nang Walang Reseta

Mayroon kang hiwalay na \$200 buwanang allowance para sa Pagkain at Produkto*

Nilalagay ang mga pondo sa card sa bawat buwan. Sa katapusan ng bawat buwan, ang numang hindi nagamit na nakalaang pondo ay hindi maisasama sa susunod na buwan o taon ng plan.

*Nalalapat ang mga kinakailangan para sa pagiging karapat-dapat

Mga Espesyal na Karagdagang Benepisyo para sa Mga Malalang Sakit



\$0 copay

Makakatanggap ka ng \$200 buwanang allowance sa pre-funded debit card (MyChoice card) na maaaring magamit para sa mga piling karagdagang benepisyo ng plano tulad ng:

- Pagkain at Produkto

Mangyaring tingnan ang Pre-funded Debit Card (MyChoice Card) na seksyon para sa kompletong listahan ng benepisyo at mga serbisyo na kasama sa pinagsamang allowance. Hindi madadala sa susunod na buwan ang hindi nagamit na allowance.

Maaaring kailanganin ang paunang awtorisasyon.

Dapat matugunan ng mga miyembro ang pamantayan na ibinalangkas sa Kabanata 4 ng Ebidensya ng Saklaw.

May Mga Tanong? Mangyaring tumawag sa Central Health Plan sa (866) 314-2427, TTY: 711.

Buod ng Mga Benepisyo na Saklaw ng Medicaid

Anong Mga Serbisyo ang Saklaw

Ipinapakita ng talaan sa ibaba kung anong mga serbisyo ang sinasaklaw ng Medicare at Medicaid. Makikita mo ang salitang “Sinasklaw” sa ilalim ng hanay ng Medicaid kung sinasaklaw rin ng Medicaid ang isang serbisyo na sinasaklaw sa ilalim ng Central Health Medi-Medi Plan II na Plano. Nalalapat lamang ang talaan kung may karapatan ka sa mga benepisyo sa ilalim ng programa ng Medicaid ng estado mo. Nag-iiba ang pagbabahagi sa gastos mo batay sa kategorya ng Medicaid mo.

Benepisyo	Central Health Medi-Medi Plan II	Medi-Cal
MAHALAGANG IMPORMASYON		
Premium at Ibang Mahalagang Impormasyon Kung makakakuha ka ng Karagdagang Tulong (“Extra Help”) mula sa Medicare, magiging mas mababa ang buwanang premium ng plano mo o maaaring wala kang babayaran.	Pangkalahatan \$0 buwanang premium ng plano Nasa Network \$9,250 limitasyon ng gastos mula sa sariling bulsa para sa mga saklaw na serbisyo ng medicare. Gayunpaman, sa planong ito, wala kang responsibilidad sa pagbabahagi sa gastos para sa mga saklaw na serbisyo ng Medicare, batay sa iyong antas ng pagiging kwalipikado sa Medicaid.	Ang tulong sa Medicaid sa mga pagbabayad ng premium at bahagi sa gastos ay maaaring mag-iba batay sa iyong antas ng pagiging kwalipikado sa Medicaid.
Pinili ng Doktor at Ospital (Para sa higit pang impormasyon, tingnan ang Pang-emergency na Pangangalaga at Agarang Kinakailangang Pangangalaga.)	Nasa Network Dapat pumunta ka sa mga doktor, mga espesyalista, at mga ospital na nasa network.	Dapat kang pumunta sa mga doktor, espesyalista, at ospital na tumatanggap ng Medicaid assignment. Kinakailangan ang referral para sa mga espesyalista na nasa network (para sa ilang mga benepisyo).

May Mga Tanong? Mangyaring tumawag sa Central Health Plan sa (866) 314-2427, TTY: 711.

Benepisyo	Central Health Medi-Medi Plan II	Medi-Cal
MGA SERBISYO NG PANGANGALAGA NG OUTPATIENT		
Acupuncture	Limitadong pagsaklaw	Saklaw Maaaring ilapat ang mga paghihigpit
Mga Serbisyo ng Ambulansya (Dapat medikal na kinakailangan)	Saklaw	Saklaw
Mga Serbisyo sa Pag-rehabilitate ng Puso at Baga	Saklaw	Saklaw
Mga Serbisyo na Chiropractic	Limitadong pagsaklaw	Saklaw Maaaring ilapat ang mga paghihigpit
Mga Serbisyo para sa Ngipin	Saklaw	Saklaw Maaaring ilapat ang mga paghihigpit
Mga Programa at Supply ng Diabetes	Saklaw	Saklaw
Mga Diagnostic na Pagsusuri, X-ray, Mga Serbisyo sa Lab, at Mga Serbisyo sa Radiology	Saklaw	Saklaw Maaaring ilapat ang mga paghihigpit
Mga Serbisyo ng Dialysis	Saklaw	Saklaw Maaaring ilapat ang mga paghihigpit
Mga Pagbisita sa Tanggapan ng Doktor	Saklaw	Saklaw

Buod ng Mga Benepisyo na Saklaw ng Medicaid (Ipinagpatuloy)

Benepisyo	Central Health Medi-Medi Plan II	Medi-Cal
MGA SERBISYO NG PANGANGALAGA NG OUTPATIENT (IPINAGPATULOY)		
Matibay na Kagamitang Medikal (Kabilang ang wheelchair, oxygen, atbp.)	Saklaw	Saklaw Maaaring ilapat ang mga paghihigpit
Pang-emergency na Pangangalaga	Saklaw	Saklaw
Mga Serbisyo sa Pandinig	Saklaw	Saklaw Maaaring ilapat ang mga paghihigpit
Serbisyo ng Kalusugan sa Tahanan (Kabilang ang medikal na kinakailangang intermittent na pangangalaga para sa bihasang pag-aalaga, mga serbisyong tulong sa kalusugan sa tahanan, serbisyo sa pag-rehabilitate, atbp.)	Saklaw	Saklaw
Pangangalaga sa Kalusugan ng Pag-iisip ng Outpatient	Saklaw	Saklaw Maaaring ilapat ang mga paghihigpit
Mga Serbisyo ng Pag-rehabilitate sa Outpatient (Occupational na Therapy, Pisikal na Therapy, Therapy sa Pagsasalita at Wika)	Saklaw	Saklaw Maaaring ilapat ang mga paghihigpit
Mga Serbisyo ng Outpatient	Saklaw	Saklaw

May Mga Tanong? Mangyaring tumawag sa Central Health Plan sa (866) 314-2427, TTY: 711.

Benepisyo	Central Health Medi-Medi Plan II	Medi-Cal
MGA SERBISYO NG PANGANGALAGA NG OUTPATIENT (IPINAGPATULOY)		
Pangangalaga sa Pag-abuso sa Substance ng Outpatient	Saklaw	Saklaw
Mga Item na Nabibili nang Walang Reseta	Saklaw	Hindi Saklaw
Mga serbisyo sa Podiatry	Saklaw	Saklaw Maaaring ilapat ang mga paghihigpit
Mga Aparato ng Prosthetic (Kabilang ang mga brace, artipisyal na mga limb at mata, atbp.)	Saklaw	Hindi Saklaw
Mga Serbisyo sa Medikal na Transportasyon (Routine)	Saklaw	Saklaw
Mga Serbisyonag Agarang Kinakailangan (HINDI ito emergency na pangangalaga at, sa karamihan ng mga kaso, ay wala sa lugar ng serbisyo.)	Saklaw	Hindi Saklaw
Mga Serbisyo sa Paningin	Saklaw	Saklaw Maaaring ilapat ang mga paghihigpit
Kagalingan/Edukasyon at ibang Programa ng Pangsuplementong Benepisyo	Saklaw	Hindi Saklaw

Buod ng Mga Benepisyo na Saklaw ng Medicaid (Ipinagpatuloy)

Benepisyo	Central Health Medi-Medi Plan II	Medi-Cal
PANGANGALAGA SA INPATIENT		
Pangangalaga sa Ospital para sa Inpatient (Kabilang ang Mga Serbisyo sa Pag-abuso sa Substance at Pag-rehabilitate)	Saklaw	Saklaw Maaaring ilapat ang mga paghihigpit
Pangangalaga sa Kalusugan ng Pag-iisip ng Inpatient	Saklaw	Hindi Saklaw
Pasilidad para sa Bihasang Pag-aalaga (SNF) (Sa isang pasilidad para sa bihasang pag-aalaga na sertipikado ng Medicare)	Saklaw	Saklaw Maaaring ilapat ang mga paghihigpit
MGA PANG-IWAS NA SERBISYO		
Edukasyon sa Kalusugan/ Kagalingan	Saklaw	Saklaw
Karamdaman at Mga Kalagayan ng Bato	Saklaw	Saklaw Maaaring ilapat ang mga paghihigpit
Mga Pang-iwas na Serbisyo	Saklaw	Saklaw
HOSPISYO		
Hospisyo	Saklaw	Saklaw

Benepisyo	Central Health Medi-Medi Plan II	Medi-Cal
-----------	----------------------------------	----------

MGA BENEPISYO SA INIRERESETENG GAMOT

Mga Inireresetang Gamot ng Outpatient	Saklaw	Saklaw Maaaring ilapat ang mga paghihigpit
--	--------	---

Buod ng Mga Benepisyo na Saklaw ng Medicaid (Ipinagpatuloy)

Para sa Mga Miyembro na may karapatan sa buong mga benepisyo sa ilalim ng Medicaid, nakalista sa ibaba ang mga karagdagang benepisyo na maaaring may karapatan ka. Ito ang mga karagdagang benepisyo ng Medicaid na sinaklaw ng programa ng Medicaid ng estado mo ngunit maaaring hindi sinasaklaw sa ilalim ng Central Health Medi-Medi Plan II na Plano:

KARAGDAGANG MGA BENEPISYO NG MEDICAID	
MGA BENEPISYO	SAKLAW NG MEDI-CAL
Programa ng AIDS Waiver	Saklaw Maaaring malapat ang mga paghihigpit
Dugo at Mga Derivative ng Dugo	Saklaw
Mga Serbisyo sa Nagtatagal na Dialysis	Saklaw Maaaring malapat ang mga paghihigpit
Mga Serbisyo na Nakabatay sa Komunidad para sa Nasa Hustong Gulang (CBAS)	Saklaw
Kumprehensibong Programa ng Mga Serbisyong Perinatal (Mga Serbisyong Pang-iwas)	Saklaw
Maaga at Pana-panahong Pag-screen, Pag-diagnose, at Paggamot (Early & Periodic Screening, Diagnosis, and Treatment, EPSDT)	Saklaw
Enteral na Pormula	Saklaw
Praktisyoner ng Nars ng Pamilya	Saklaw
Mga Serbisyo at Supply ng Pagpaplano ng Pamilya	Saklaw
Pederal na Kwalipikadong Sentro ng Kalusugan (FQHC)	Saklaw
Pangangalaga sa Tahanan at Komunidad para sa mga matatandang may kapansanan sa pagkilos (waiver lamang)	Saklaw

May Mga Tanong? Mangyaring tumawag sa Central Health Plan sa (866) 314-2427, TTY: 711.

KARAGDAGANG MGA BENEPISYO NG MEDICAID

MGA BENEPISYO	SAKLAW NG MEDI-CAL
Pasilidad ng Intermediate na Pangangalaga	Saklaw
Mga Serbisyo ng Lisensyadong Midwife	Saklaw
Mga Serbisyo ng Anestisyologo na Nars	Saklaw
Nars na Midwife	Saklaw
Mga Serbisyo ng Personal na Pangangalaga	Saklaw Maaaring malapat ang mga paghihigpit
Mga Serbisyo ng Sikolohiya	Saklaw Maaaring malapat ang mga paghihigpit
Mga Pasilidad ng Pag-rehabilitate	Saklaw
Pag-aalaga sa Respiratoryo para sa mga Pasyenteng Nakadepende sa Ventilator	Saklaw
Mga Serbisyo sa Rural na Klinika ng Kalusugan (RHC)	Saklaw
Espesyal na Tungkulin na Serbisyo sa Pag-aalaga	Saklaw
Mga Serbisyo ng Interpreter ng Sign Language	Saklaw
Mga Transplant	Saklaw

Buod ng Mga Benepisyo na Saklaw ng Medicaid (Ipinagpatuloy)

**Idinagdag ng kamakailang pinagtibay na batas ang Seksyon 14131.10 ng W&I Code para ibukod ang ilang opsyonal na kategorya ng benepisyo mula sa pagsaklaw sa ilalim ng programang Medi-Cal na ipapatupad sa Hulyo 1, 2009. Ibinukod ang mga opsyonal na benepisyong ipinahiwatig sa pagsaklaw sa ilalim ng programang Medi-Cal, na magkakabisa sa Hulyo 1, 2009. Hindi nalalapat ang opsyonal na patakaran sa pagbubukod ng mga benepisyo sa mga sumusunod na benepisyaryo: 1) mga benepisyaryo na wala pang 21 taong gulang para sa mga serbisyong inihatid alinsunod sa programa ng EPSDT; 2) mga benepisyaryo na naninirahan sa isang pasilidad para sa bihasang pag-aalaga (Mga Pasilidad ng Pag-aalaga Antas A at Antas B, kabilang ang pasilidad ng subacute na pangangalaga; 3) mga benepisyaryong buntis (mga benepisyo at serbisyong nauugnay sa pagbubuntis; ibang mga benepisyo at serbisyo para gamutin ang mga kalagayan na, kung hindi gagamutin, ay maaaring magdulot ng mga kahirapan sa pagbubuntis); 4) Mga benepisyaryo ng Mga Serbisyo ng Mga Bata ng California; at 5) mga benepisyaryong nakatala sa Programa ng Lahat Kasama na Pangangalaga para sa mga Matatanda. Karamihan sa mga claim para sa ibinukod na opsyonal na mga serbisyo ng benepisyo na sinisingil ng isang doktor o grupo ng doktor ay nananatiling maaaring i-reimburse sa o pagkatapos ng Hulyo 1, 2009. Gayunpaman, ipagkakait ang mga claim na ito kung hindi isang doktor ang naghahatid na provider, ngunit isa sa mga opsyonal na provider ng benepisyo. Magagamit ang higit pang impormasyon sa mga pinababang benepisyo at serbisyong apektado ng bagong batas na ito sa Web site ng Departamento ng Mga Serbisyo sa Pangangalaga sa Kalusugan ng California sa www.dhcs.ca.gov.

May Mga Tanong? Mangyaring tumawag sa Central Health Plan sa (866) 314-2427, TTY: 711.

Glosaryo ng Mga Termino

Coinsurance

Ang porsiyento na babayaran mo bilang pakikihati mo sa gastos para sa mga serbisyong medikal o mga inireresetang gamot. Halimbawa, kung mayroon kang 20 porsiyentong coinsurance, magbabayad ka ng 20 porsiyento ng halaga ng medikal singil mo.

Copay

Ang nakapirming halaga na babayaran mo bilang pakikihati mo sa halaga ng isang serbisyong medikal o supply. Halimbawa, maaari kang magkaroon ng \$20 na copay sa tuwing magpapatingin ka sa doktor ng pangunahing pangangalaga mo.

Deductible

Ang halagang babayaran mo para sa mga serbisyo sa pangangalaga sa kalusugan o mga reseta bago magsimulang magbayad ang insurance mo.

Karagdagang Tulong (“Extra Help”)

Isang programa ng Medicare para tulungan ang mga taong may limitadong kita at mga mapagkukunan na mabayaran ang mga gastos sa programa ng inireresetang gamot, tulad ng mga premium, deductible, at coinsurance.

Pangmatagalang pangangalaga

Mga serbisyo at suporta para sa mga taong hindi makagawa ng mga pangunahing gawain ng pang-araw-araw na pamumuhay, tulad ng pagbibihis at pagligo. Hindi magbabayad ang Medicare at karamihan sa mga plano sa insurance ng kalusugan para sa pangmatagalang pangangalaga.

Medicaid

Isang programa ng estado at pederal na naghahatid ng pagsaklaw ng kalusugan sa mga taong mababa ang kita.

Medicare Advantage

Kilala rin bilang Part C. Isang uri ng plano ng Medicare plan na inaalok ng isang pribadong kumpanya na inaprubahan ng Medicare. Ang plano ng Medicare Advantage ay isang alternatibo ng Original Medicare. Inihahatid nito ang lahat ng benepisyo mo sa Bahgi A at Bahgit B at kadalasang nag-aalok ng mga karagdagang benepisyo, tulad ng pangangalaga sa ngipin at paningin.

Original Medicare

Medicare Part A (insurance ng ospital) at Medicare Part B (medikal na insurance). Nakukuha ito ng karamihan ng mga tao kapag naging 65 na sila. Pinapamahalaan ng pederal na pamahalaan ang Original Medicare.

Pinakamataas na mula sa bulsa

Ang pinakamalaking kailangan mong bayaran para sa mga saklaw na serbisyo sa isang taon. Sa sandaling naabot mo na ang halagang ito, sinasaklaw ng insurance mo ang 100 porsiyento ng medikal na kinakailangang pangangalaga mo para sa natitirang bahagi ng taon.

Premium

Ang pera na buwanang binabayaran mo sa Medicare o isang plano sa pangangalaga sa kalusugan para sa pagsaklaw.

Mga pang-iwas na serbisyo

Pangangalaga sa kalusugan para maiwasan o madetekta ang sakit sa maagang yugto. Dapat saklawin ng karamihan sa mga planong pangkalusugan ang ilang mahahalagang serbisyong pang-iwas, tulad ng mga bakuna laban sa trangkaso at pag-screen para sa presyon ng dugo, nang walang gastos sa iyo.

Ang Central Health Medicare Plan ay isang HMO/HMO SNP plan na may kontrata sa Medicare. Nakadepende ang pagpapatala sa pag-renew ng kontrata.

Mga Tala

Abiso ng Walang Diskriminasyon

Seksyon 1557

Central Health Plan



Labag sa batas ang diskriminasyon. Ang Central Health Plan ay sumusunod sa mga batas ng mga karapatang sibil ng Estado at Pederal. Ang Central Health Plan ay hindi labag sa batas na nagdidiskrimina, nagbubukod ng mga tao, o iba ang pagtrato sa kanila dahil sa sekso, lahi, kulay, relihiyon, ninuno, pinagmulang bansa, pagkakakilanlang grupong etniko, edad, kapansanan sa pag-iisip, kapansanan sa katawan, kondisyong medikal, impormasyon ng genes, katayuan ng pag-aasawa, kasarian, pagkakakilanlang kasarian, o sekswal na oryentasyon.

Ang Central Health Plan ay nagbibigay ng:

- Ang mga libreng tulong at serbisyo sa napapanahong paraan sa mga taong may kapansanan upang matulungan silang makipag-usap nang mas mahusay, tulad ng:
 - Mga kwalipikadong interpreter ng sign language
 - Nakasulat na impormasyon sa ibang mga format (malalaking titik, audio, may kakayahang ma-access na mga format, ibang mga format)
- Libreng mga serbisyo sa wika sa napapanahong paraan sa mga taong hindi Ingles ang pangunahing naging wika, tulad ng:
 - Mga kwalipikadong interpreter
 - Nakasulat na impormasyon sa ibang mga wika

Kung kailangan mo ang mga serbisyong ito, makipag-ugnayan sa Central Health Plan sa pagitan ng 8:00 a.m. hanggang 8:00 p.m. sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-866-314-2427. Kung hindi ka makarinig o makapagsalita nang maayos, mangyaring tumawag sa 711. Sa kahilingan, ang dokumentong ito ay maaaring maging available sa iyo sa braille, malaking print, audiocassette, o electronic form. Upang makakuha ng kopya sa isa sa mga alternatibong format na ito, mangyaring tumawag o sumulat sa:

Central Health Plan
Coordinator ng Karapatang Sibil
200 Oceangate, Suite 100
Long Beach, CA 90802.

Sa pamamagitan ng telepono: 1-866-606-3889. Kung hindi ka makarinig o makapagsalita nang maayos, mangyaring tumawag sa 711.

PAANO MAGHAIN NG KARAINGAN

Kung naniniwala kayo na ang Central Health Plan ay nabigo na magbigay ng mga serbisyong ito o labag sa batas na nandiskrimina sa ibang paraan batay sa kasarian, lahi, kulay, relihiyon, ninuno, pinagmulang bansa, pagkakakilanlang grupong etniko, edad, kapansanang pangkaisipan, kapansan sa pisikal, kondisyong medikal, impormasyon ng genes, katayuan ng pag-aasawa, kasarian, pagkakakilanlang kasarian, o sekswal na oryentasyon, maaari kayong maghain ng karaingan sa Coordinator ng Mga Karapatang Sibil ng Central Health Plan. Makapaghahain ka ng karaingan sa pamamagitan ng telepono, sa pagsulat, sa personal, o sa elektronikong paraan:

- **Sa pamamagitan ng telepono:** Makipag-ugnayan sa Coordinator ng Karapatang Sibil ng Central Health Plan sa pagitan ng 8:30 a.m. hanggang 5:30 p.m. sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-866-606-3889. O, kung hindi ka makarinig o makapagsalita nang maayos, mangyaring tumawag sa 711.

- **Sa pagsusulat:** Punan ang form ng reklamo o sumulat ng surat at ipadala ito sa:
Central Health Plan
Coordinator ng Karapatang Sibil
200 Oceangate, Suite 100
Long Beach, CA 90802.
- **Sa personal:** Bisitahin ang opisina ng iyong doktor o Central Health Plan at sabihin na gusto mong maghain ng karaingan.
- **Sa elektronikong paraan:** Magpadala ng email sa CivilRights@MolinaHealthcare.com. Maaari mo ring bisitahin ang website ng Central Health Plan sa MolinaHealthcare.Alertline.com.

OPISINA NG MGA KARAPATANG SIBIL – KAGAWARAN NG MGA SERBISYO NG PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN NG CALIFORNIA

Makapaghahain ka rin ng reklamo sa karapatang sibil sa Tanggapan ng Mga Karapatang Sibil ng Departamento ng Mga Serbisyo sa Pangangalaga ng Kalusugan ng California sa pamamagitan ng telepono, sa pagliham, o sa elektronikong paraan:

- **Sa pamamagitan ng telepono:** Tumawag sa 916-440-7370. Kung hindi ka makapagsalita o makarinig nang maayos, mangyaring tumawag sa 711 (Telecommunications Relay Service).
- **Sa pagsusulat:** Punan ang form ng reklamo o magpadala ng surat sa:
Deputy Director, Tanggapan ng Mga Karapatang Sibil
Departamento ng Mga Serbisyo sa Pangangalaga sa Kalusugan
Tanggapan ng Mga Karapatang Sibil
P.O. Box 997413
Sacramento, CA 95899-7413

Makukuha ang mga form ng reklamo sa DHCS.ca.gov/Pages/Language_Access.aspx.

- **Sa elektronikong paraan:** Magpadala ng email sa CivilRights@dhcs.ca.gov.

OPISINA NG MGA KARAPATANG SIBIL – U.S. DEPARTMENT OF HEALTH AND HUMAN SERVICES

Kung naniniwala kang nadiskrimina ka batay sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, edad, kapansanan, o kasarian, maaari kang maghain ng reklamo sa karapatang sibil (karaingan) sa U.S. Department of Health and Human Services, Office for Civil Rights, sa pamamagitan ng telepono, sa pamamagitan ng pagsulat, o sa elektronikong paraan:

- **Sa pamamagitan ng telepono:** Tumawag sa 1-800-368-1019. Kung hindi ka makapagsalita o makarinig nang maayos, mangyaring tumawag sa TTY/TDD: 1-800-537-7697.
- **Sa pagsusulat:** Punan ang form ng reklamo o magpadala ng surat sa:
U.S. Department of Health and Human Services
200 Independence Avenue, SW
Room 509F, HHH Building
Washington, D.C. 20201

Makukuha ang mga form ng reklamo sa HHS.gov/ocr/office/file/index.html.

- **Sa elektronikong paraan:** Bisitahin ang Office for Civil Rights Complaint Portal sa OCRportal.hhs.gov/ocr/portal/lobby.jsf.

Notice of Availability of Language Assistance Services and Auxiliary Aids and Services

English

ATTENTION: If you need help in your language call 1-866-314-2427(TTY: 711). Aids and services for people with disabilities, like documents in braille and large print, are also available. Call 1-866-314-2427(TTY: 711). These services are free of charge.

العربية (Arabic)

يرجى الانتباه: إذا احتجت إلى المساعدة بلغتك، فاتصل بـ 1-866-314-2427، (وبالنسبة لمستخدمي الهاتف النصي TTY: يمكنهم الاتصال على 711). تتوفر أيضًا المساعدات والخدمات للأشخاص ذوي الإعاقة، مثل المستندات المكتوبة بطريقة بريل والخط الكبير، اتصل بـ 1-866-314-2427 (وبالنسبة لمستخدمي الهاتف النصي TTY: يمكنهم الاتصال على 711). هذه الخدمات مجانية.

Հայերեն (Armenian)

ՈՒՇԱԴՐՈՒԹՅՈՒՆ. Եթե ձեզ հարկավոր է աջակցություն ձեր լեզվով, ապա զանգահարեք 1-866-314-2427 (TTY՝ 711) հեռախոսահամարով: Հաշմանդամություն ունեցող անձանց համար գործում են նաև օժանդակ միջոցներ ու ծառայություններ, օրինակ՝ Բրայլի գրատիպով ու խոշորատառ տպատառով տրամադրվող նյութեր: Տվյալ դեպքում զանգահարեք 1-866-314-2427 (TTY՝ 711) հեռախոսահամարով: Ծառայությունները գործում են անվճար:

ខ្មែរ (Cambodian)

ចំណាំ: បើអ្នកត្រូវការជំនួយជាភាសាបស្ចិម សូមទូរសព្ទទៅលេខ 1-866-314-2427(TTY: 711)។ ជំនួយ និងសេវាកម្មសម្រាប់ជនពិការ ដូចជាឯកសារសរសេរជាអក្សរដុសសម្រាប់ជនពិការភ្នែក ឬឯកសារសរសេរជាអក្សរពុម្ពធំ ក៏អាចរកបានផងដែរ។ ទូរសព្ទមកលេខ 1-866-314-2427(TTY: 711)។ សេវាកម្មទាំងនេះមិនគិតថ្លៃឡើយ។

简体中文 (Chinese)

请注意：如果您需要以您的语言提供帮助，请致电 1-866-314-2427(TTY: 711)。另外还提供针对残疾人士的辅助工具和服务，例如盲文文件和大字体文件。请致电 1-866-314-2427(TTY: 711)。这些服务均免费提供。

فارسی (Farsi)

توجه: اگر می‌خواهید به زبان خود راهنمایی دریافت کنید، با 1-866-314-2427 (TTY: 711) تماس بگیرید. کمکها و خدمات مخصوص افراد دارای معلولیت، مانند نسخه‌هایی به خط بریل و چاپ درشت، نیز موجود است. با 1-866-314-2427 (TTY: 711) تماس بگیرید. این خدمات رایگان ارائه می‌شوند.

Notice of Availability/Taglines – Section 1557 Central Health Plan

हिंदी (Hindi)

ध्यान दें: अगर आपको अपनी भाषा में सहायता की आवश्यकता है तो 1-866-314-2427(TTY: 711) पर कॉल करें। अशक्तता वाले लोगों के लिए सहायता और सेवाएं, जैसे ब्रेल और बड़े प्रिंट में भी दस्तावेज़ उपलब्ध हैं। 1-866-314-2427(TTY: 711) पर कॉल करें। ये सेवाएं निशुल्क हैं।

Hmoob (Hmong)

CEEB TOOM: Yog koj xav tau kev pab txhais koj hom lus hu rau 1-866-314-2427 (TTY: 711). Tsis tas li ntawd, kuj tseem muaj cov kev pab txhawb thiab kev pab cuam rau cov neeg xiam oob qhab, xws li cov ntawv su thiab luam tawm ua tus ntawv loj. Hu rau 1-866-314-2427(TTY: 711). Cov kev pab cuam no yog pab dawb xwb.

日本語 (Japanese)

注記：日本語での対応が必要な場合は 1-866-314-2427(TTY: 711) までお電話ください。点字の資料や文字の拡大表示など、障がいをお持ちの方のためのサービスもご用意しております。1-866-314-2427(TTY: 711)までお電話ください。これらのサービスは無料です。

한국어 (Korean)

알림: 귀하의 언어로 도움을 받고 싶으시면 1-866-314-2427(TTY: 711)번으로 전화하십시오. 점자나 큰 활자로 된 문서와 같이 장애가 있는 분들을 위한 지원 및 서비스도 이용하실 수 있습니다. 1-866-314-2427(TTY: 711)번으로 전화하십시오. 이러한 서비스는 무료로 제공됩니다.

ພາສາລາວ (Laotian)

ປະກາດ: ຖ້າທ່ານຕ້ອງການຄວາມຊ່ວຍເຫຼືອເປັນພາສາຂອງທ່ານໃຫ້ໂທຫາເບີ 1-866-314-2427(TTY: 711). ນອກນີ້ຍັງມີຄວາມຊ່ວຍເຫຼືອ ແລະ ການບໍລິການສໍາລັບຄົນພິການ ເຊັ່ນ: ເອກະສານທີ່ເປັນອັກສອນພູມແລະມີໂຕພິມໃຫຍ່ ໃຫ້ໂທຫາເບີ 1-866-314-2427(TTY: 711). ການບໍລິການເຫຼົ່ານີ້ແມ່ນຟຣີ.

Mien

LONGC HNYOUV JANGX LONGX OC: Beiv taux meih qiemx longc mienh tengx faan benx meih nyei waac nor douc waac daaih lorx taux 1-866-314-2427(TTY: 711). Liouh lorx jauv-louc tengx aengx caux nzie gong bun taux ninh mbuo wuaaic fangx mienh, beiv taux longc benx nzangc-pokc bun hlou mbiutc aengx caux aamz mborqv benx domh sou se mbenc nzoih bun longc. Douc waac daaih lorx 1-866-314-2427(TTY: 711). Naaiv deix nzie weih gong-bou jauv-louc se benx wang-henh tengx mv zuqc cuotv nyaanh oc.

ਪੰਜਾਬੀ (Punjabi)

ਧਿਆਨ ਦਿਓ: ਜੇ ਤੁਹਾਨੂੰ ਆਪਣੀ ਭਾਸ਼ਾ ਵਿੱਚ ਮਦਦ ਦੀ ਲੋੜ ਹੈ ਤਾਂ 1-866-314-2427(TTY: 711) 'ਤੇ ਕਾਲ ਕਰੋ। ਅਪਾਹਜ ਲੋਕਾਂ ਲਈ ਸਹਾਇਤਾ ਅਤੇ ਸੇਵਾਵਾਂ, ਜਿਵੇਂ ਕਿ ਬ੍ਰੇਲ ਅਤੇ ਮੋਟੀ ਛਪਾਈ ਵਿੱਚ ਦਸਤਾਵੇਜ਼, ਵੀ ਉਪਲਬਧ ਹਨ। 1-866-314-2427(TTY: 711)'ਤੇ ਕਾਲ ਕਰੋ। ਇਹ ਸੇਵਾਵਾਂ ਮੁਫਤ ਹਨ।

Notice of Availability/Taglines – Section 1557 Central Health Plan

Русский (Russian)

ВНИМАНИЕ! Если вам нужна помощь на вашем родном языке, звоните по номеру 1-866-314-2427(TTY: 711). Также предоставляются средства и услуги для людей с ограниченными возможностями, например документы крупным шрифтом или шрифтом Брайля. Звоните по номеру 1-866-314-2427(TTY: 711). Такие услуги = бесплатны.

Español (Spanish)

ATENCIÓN: si necesita ayuda en su idioma, llame al 1-866-314-2427(TTY: 711). También ofrecemos asistencia y servicios para personas con discapacidades, como documentos en braille y con letras grandes. Llame al 1-866-314-2427(TTY: 711). Estos servicios son gratuitos.

Tagalog (Filipino)

ATENSIYON: Kung kailangan mo ng tulong sa iyong wika, tumawag sa 1-866-314-2427(TTY: 711). Mayroon ding mga tulong at serbisyo para sa mga taong may kapansanan, tulad ng mga dokumento sa braille at malaking print. Tumawag sa 1-866-314-2427(TTY: 711). Libre ang mga serbisyonang ito.

ภาษาไทย (Thai)

โปรดทราบ: หากคุณต้องการความช่วยเหลือเป็นภาษาของคุณ กรุณาโทรศัพท์ไปที่หมายเลข 1-866-314-2427(TTY: 711) นอกจากนี้ ยังพร้อมให้ความช่วยเหลือและบริการต่าง ๆ สำหรับบุคคลที่มีความพิการ เช่น เอกสารต่าง ๆ ที่เป็นอักษรเบรลล์และเอกสารที่พิมพ์ด้วยตัวอักษรขนาดใหญ่ กรุณาโทรศัพท์ไปที่หมายเลข 1-866-314-2427(TTY: 711) ไม่มีค่าใช้จ่ายสำหรับบริการเหล่านี้

Українська (Ukrainian)

УВАГА! Якщо вам потрібна допомога вашою рідною мовою, телефонуйте на номер 1-866-314-2427(TTY: 711). Люди з обмеженими можливостями також можуть скористатися допоміжними засобами й послугами, наприклад отримати документи, надруковані шрифтом Брайля та великим шрифтом. Телефонуйте на номер 1-866-314-2427(TTY: 711). Ці послуги безкоштовні.

Tiếng Việt (Vietnamese)

CHÚ Ý: Nếu quý vị cần trợ giúp bằng ngôn ngữ của mình, vui lòng gọi số 1-866-314-2427 (TTY: 711). Chúng tôi cũng hỗ trợ và cung cấp các dịch vụ dành cho người khuyết tật, như tài liệu bằng chữ nổi Braille và chữ khổ lớn (chữ hoa). Vui lòng gọi số 1-866-314-2427 (TTY: 711). Các dịch vụ này đều miễn phí.

